s

COVID-19

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County

Pagsasala sa Pasukan

Ang pagsasala sa pasukan ay isang estratehiya upang tumulong limitahan ang pagkalat ng COVID-19. Ito ay inaatas ng Cal/OSHA para sa lahat ng mga empleyado. Inaatas din ito ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California (CDPH) para sa lahat ng mga bisita sa mga pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan (AFL 20-38.7). Ang dokumentong ito ay nagbibigay ng pandagdag na gabay para sa mga pasilidad na nagsasagawa ng pagsasala sa pasukan. Mangyaring sumangguni sa Gabay para sa mga Negosyo at Amo (Employer) para sa iba pang mga pinakamahusay na kasanayan upang mapigilan ang COVID-19.

Ang Mga Pansamantalang Pamantayan sa Emerhensyang Pagpigil sa COVID-19 (ETS) ng Cal/OSHA ay nag-aatas sa mga amo (employer) na bumuo at magpatupad ng proseso para sa pagsasala ng mga empleyado para sa mga sintomas ng COVID-19.

Kabilang sa mga opsyon ng pagsasala sa pasukan:

- Pagpapaubaya sa mga indibidwal na suriin ang kanilang mga sariling sintomas sa bahay bago pumasok sa trabaho o sumakay sa pinagsasamahang transportasyon.
- Paggamit ng karatula sa pasukan ng lugar ng trabaho na nagsasaad na ang mga indibidwal na may mga sintomas at/o positibong nasuri sa COVID-19 ay hindi dapat pumasok sa mga lugar na nasasakupan (premises)
- Pagkumpleto sa mismong lugar na harapang personal na pagsasala[1]

Ang mga indibidwal ay hindi dapat pumasok sa lugar ng trabaho kung sila ay:

- Mayroon lagnat o mga sintomas ng COVID-19[2]
- Kasalukuyang inaatasan na magbukod ayon sa Utos sa Pagbubukod ng Opisyal ng Kalusugan
- Mga nakasalamuha na inaatasan na mabukod mula sa trabaho ayon sa Cal-OSHA.

Tandaan: Ang mga patakaran sa pagpasok sa pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan ay maaaring mag-iba-iba. Dapat na sanggunian ng mga pasilidad ang makabuluhang Lahat ng Sulat ng Pasilidad ng CDPH [CDPH All Facility Letters] (AFLs).

[1] Ayon sa Cal-OSHA ETS, kung ang lugar ng trabaho ay piniling magsagawa ng harapang (in-person) pagsasala, sa mga panloob na lugar, dapat na magsuot ng mga maskara ang parehong nagsasala (screener) at ang empleyado. Kung sinusukat ang mga temperatura, ang mga walang kontak na termometro ay dapat na gamitin. Tandaan: ang pagkuha ng aktwal na sukat ng temperatura sa lugar ng pasukan ay hindi kinakailangan.

[2] Ang mga sintomas ng COVID-19 ay kinabibilangan ng lagnat o pagkaginaw, ubo, pangangapos ng hininga o hirap sa paghinga, bagong pagkawala ng panlasa o pang-amoy, sakit ng kalamnan o katawan, pananakit ng ulo, nananakit na lalamunan, pagkahilo o pagsusuka, pagtatae, baradong ilong o sipon, o pagkapagod.